ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLIX Blg. 8
Abril 21, 2018
www.philippinerevolution.info

## AFP, nagtamo ng 5 kaswalti sa Camarines Sur

DALAWA ANG PATAY at tatlo ang sugatan sa hanay ng 83rd IB sa inilunsad na operasyong haras ng Bagong Hukbong Bayan-Camarines Sur noong Abril 9. Inilunsad ng isang tim ng mga Pulang mandirigma ang naturang aksyon laban sa mga nag-ooperasyong sundalo bandang alas 8:30 ng umaga sa Barangay Gubat, Lagonoy.

Matapos ang opensiba, nakaengkwentro ng mga operatiba ang isa pang kolum ng kaaway. Dito nasugatan sa tuhod si Jeric "Ka Ems" Gestone. Bandang 1:30 ng hapon, natagpuan at hinuli ng militar ang sugatan at walang armas na si Ka Ems. Kinaladkad nila ito at binaril sa ulo. Maituturing na *hors de combat* o wala nang kakayahan lumaban si Ka Ems.

Para manipulahin ng militar ang kanilang paglabag sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL), isang minutong nagpaputok ang militar upang palabasin na sa isang lehitimong engkwentro nasawi si Ka Ems.

**Negros Occidental.** Pinarusahan ng BHB-Central Negros (Leonardo Panaligan Command o LPC) sina dating SSgt. Jose Joerito Amable ng 11th IBPA at dating SPO1 Alejandro Borres

...sundan sa pahina 3




EDITORYAL

# Palakasin ang NDFP at isulong ang demokratikong rebolusyong bayan!

Gugunitain ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang ika-45 na anibersaryo nito sa darating na Abril 24. Nananawagan ang Partido sa lahat ng rebolusyonaryong pwersa ng sambayanang Pilipino na maglunsad ng mga pangkultura at pampulitikang pagtitipon at iba't ibang aktibidad para ipagdiwang ang makasaysayang araw na ito.

Tunay ngang importante ang ginagampanang papel ng NDFP sa pagtatatag ng pinakamalawak na pagkakaisa ng sambayanang Pilipino sa pagsusulong nila ng armadong rebolusyonaryong pakikibaka at gera sibil laban sa naghaharing reaksyunaryong rehimen. Gumagampan rin ang NDFP ng malaking papel sa pagbubuo ngayon ng pinakamalapad na nagkakaisang prenteng anti-pasista para ihiwalay, labanan at wakasan ang paghahari ng rehimeng US-Duterte.

Ang NDFP ang pinakakonsolidadong nagkakaisang prente ng mga batayang rebolusyonaryong pwersa sa ilalim ng proletaryong pamumuno. Binubuo ito ng 18 organisasyong pinagbubuklod ng hangarin ng sambayanang Pilipino para sa pambansa at panlipunang paglaya na inilinaw sa Programa para sa Demokratikong Rebolu-

syong Bayan ng Partido at sa 12-Puntong Programa ng NDFP.

Nakatatag ang NDFP sa pundasyon ng batayang alyansang manggagawa at magsasaka, na pangunahing naisasakongkreto sa pamumuno ng Partido sa Bagong Hukbong Bayan, gayundin sa iba pang mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa hanay ng iba't ibang sektor ng masang anakpawis. Ito ay binubuo rin ng iba't ibang organisasyon sa hanay ng petiburgesya. Inaabot at kinakabig nito ang panggitnang burgesya at nagtatatag ng pansamantalang alyansa sa iba pang mga pwersang makauri upang ihiwalay ang pangunahing kaaway.

Ang NDFP ay nagkakaisang prenteng matatag na sumusuporta sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka na isinusulong ng BHB. Sa apat at kalahating dekada, ang mga alyadong organisasyon nito ay nagbibigay ng suportang pampulitika at materyal sa BHB. Mula sa hanay ng mga alyado ng NDFP ay lumitaw ang mga Pulang mandirigma at kumander ng BHB. Bilang solidong nagkakaisang prente, nagsilbi itong matatag na lihim na gulugod ng malawak na mga kilusang masa.

Umuusbong sa buong bansa ang mga komiteng rebolusyonaryo sa baryo na gumagampan ng mga gawain sa paggugubyerno. Nagsisilbing balangkas ang NDFP para sa pagtatatag ng mga rebolusyonaryong organo ng pamahalaan sa antas bayan, distrito, prubinsya at rehiyon. Kinakatawan ng NDFP ang demokratikong gubyernong bayan (DGB) hanggang hindi pa ito pormal na itinatatag. Gumagampan ito ng mga gawaing pang-estado, kabilang ang pamamahala sa katarungan, pagbubuwis at pagpapatupad ng mga patakaran sa ekonomya, kapaligiran at iba pa. Nakapagsimula ito ng proto-diplomatikong relasyon sa ibang mga estado at ahensyang internasyunal. Kinatawan din nito ang DGB sa pakikipagnegosasyong pangkapayapaan sa GRP mula 1986.

Noong 2016, buong sigasig itong nakipagnegosasyong pangkapayapaan sa rehimeng Duterte matapos magdeklara na ito'y "Kaliwa" at anti-Amerikano at mangakong palalayain ang mga bilanggong pulitikal, susuportahan ang reporma sa lupa at isusulong ang independyenteng patakarang panlabas.

Subalit hindi naglaon ay tinalikuran ni Duterte ang sarili niyang mga deklarasyon at naglunsad ng tumitinding brutal at malupit na gerang mapanupil sa ilalim ng Oplan Kapayapaan, na tumatarget sa mga di-armadong magsasaka at minorya na nagtatanggol sa kanilang lupa. Kilala ngayon si Duterte sa walang patumanggang paghuhulog ng bomba at malawakang pagsupil sa mga karapatang-tao kabilang ang armadong okupasyon ng mga sibilyang komunidad, pagboblokeyo sa pagkain at tulong, iligal na mga pag-aresto, tortyur at mga pagpatay.

Dahil sa mahigpit na pagkapit ng NDFP sa saligang mga rebolusyonaryong prinsipyo, nabigo si Duterte na gamitin ang usapang pangkapayapaan para itali ang kamay ng BHB sa matagalang tigil-putukan. Di naglao'y idineklara niya ang pagtatapos ng negosasyong pangkapayapaan sa NDFP, idineklarang terorista ang PKP at BHB at ipinag-utos ang pag-aresto sa mga konsultant ng NDFP. Sa gitna ng lumalalang pagkahiwalay at malakas na paglaban sa kanyang tiraniya, nagpalipad-hangin si Duterte na buhaying muli ang usapang pangkapayapaan, subalit wala naman itong ginagawang makabuluhang hakbangin para isikad ang pag-uusap.

Matindi ngayon ang pagdurusa ng sambayanang Pilipino sa ilalim ng tiraniya at terorismo ng rehimeng US-Duterte. Bilang pinakamalakas na organisasyong nagkakaisang prente, importante ang papel ng NDFP sa pagbubuo ng pinakamalapad na pagkakaisa ng mamamayang Pilipino para ihiwalay at labanan ang rehimeng US-Duterte. Sa pagsusulong ng rebolusyonaryong paglaban, kapwa sa kilusang lihim sa kalunsuran at armadong

ANG Bayan

Tomo XLIX Blg. 8| Abril 21, 2018

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/cppinfobureau

@prwc_info

fb.com/groups/cppinformationbureau

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal**: Palakasin ang NDFP at isulong ang demokratikong rebolusyong bayan! 1
AFP, nagtamo ng 5 kaswalti 1
Ika-45 anibersaryo ng NDFP 3
Bilyong puhunan at pautang ng China 4
Proyekto sa Chico River 5
Kalagayan ng mga manggagawang Pilipino 6
Protesta ng mga manggagawa 8
Balikatan ng mga tropang US 8
Pandarahas sa mamamayang Moro 9
Mga atake ng pasistang rehimen 10
Ulat ng IFFM 11
Agresyon ng US sa Syria 11
Pag-aresto kay Sister Pat 11

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

pakikibaka sa kanayunan, napalalakas ng NDFP ang determinasyon ng mamamayan na labanan at biguin ang kinamumuhiang rehimen.

Dapat ubos-kayang palakasin ang mga saligang rebolusyonaryong pwersa upang magsilbing solidong pundasyon, muog at balangkas sa pagbubuo ng pinakamalapad na nagkakaisang prenteng anti-pasista laban sa rehimeng Duterte. Tungo rito, dapat malawakang kumilos ang mga manggagawa at magsasaka para ilantad at aktibong labanan ang mga pasistang atake ng rehimeng Duterte laban sa bayan. Ang mga solidong patama ng BHB sa pasistang makinarya ni Duterte ay makapupukaw ng malawakang paglaban sa tiraniya at terorismo ng kanyang rehimen.

Dapat magtulung-tulong ang lahat ng rebolusyonaryong pwersang kaalyado ng NDFP sa pagbubuo ng pinakamalapad na nagkakaisang prente laban sa rehimeng Duterte. Dapat sikapin nilang iugnay ang paglaban sa pasistang terorismo ni Duterte sa mga anti-imperyalista at antipyudal na mga pakikibaka. Sa gayon, napapalakas ang NDFP bilang isang nagkakaisang prente para sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan. AB

*"AFP, nagtamo...," mula sa pahina 1*

noong Abril 9, alas 6:25 ng gabi, sa Barangay Bulad, Crossing Magallon, Isabela, Negros Occidental.

Ayon kay JB Regalado, tagapagsalita ng LPC, isa si Amable sa mga "military tactician" ng mga makapangyarihan at kontra-mamamayang kalupitan ni Mayor Magdaleno "Magsie" Peña sa Hacienda San Benito. Kasabwat din siya sa militaristang pagpapatakbo ng pulitika sa buong Magallon bilang Civil Defense Security Head. Matapos magretiro, naging aktibo si Amable bilang upisyal sa paniktik ng 303rd IBde. Aktibo siyang nagrekluta ng mga sibilyan at inarmasan sila para takutin at pagbantaan ang lahat ng kalaban ni Peña sa pulitika, at tugisin ang mga kasapi ng BHB.

Samantala, si Alejandro Borres ay isa ring tauhan ni Peña sa Magallon. Kasabwat siya sa mga kabulastugan at kontra-kilusang aktibidad nina Peña at Amable sa Moises Padilla.

**North Cotabato.** Inambus ng BHB-North Cotabato ang isang ahente sa paniktik sa bayan ng Magpet na si Antonio P. Takinan sa Barangay Tagbak, Magpet noong Abril 4. Nakuha mula sa kanya ang isang kalibre .45 na pistola.

Ang pamamarusa ay nakabatay sa pagiging aktibong ahenteng pang-intelidyens ni Takinan at pwersahang pagrerekluta ng mga katutubong Lumad sa paramilitar na CAFGU Bagani Fighters. Masugid din siyang tumulong sa militar sa kanilang mga operasyon na nagdulot ng matinding mga paglabag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas. Pwersahan din niyang itinulak ang mga sibilyan para sumuko bilang BHB o umaming sumusuporta sa rebolusyonaryong kilusan. Malaki ang kinalaman niya sa walang habas na pambobomba sa mga komunidad ng Lumad noong Disyembre 21 ng 39th IB.

**Bukidnon.** Hinaras ng isang yunit ng BHB-Bukidnon ang mga nag-oooperasyong tropa ng 403rd IBde sa ilalim ng 4th ID sa Sityo Pakulab, Barangay Calabugao, Impasug-ong noong Abril 11, alas 11:00 ng umaga. Muling nagkaengkwentro ang yunit ng BHB at 8th IB sa Sityo Ulayanon sa parehong barangay noong bandang tanghali ng Abril 14. Walang kaswalti sa BHB ngunit nadakip si Susan "Ka Chay" Cabusao-Guaynon, may asawa at limang buwang buntis. Sa kasalukuyan, nasa kamay pa siya ng kaaway.

Sa interbyu sa radyo noong Abril 17 kay 1Lt. Erwin Bugarin, tagapagsalita ng 8th IB, inamin niyang mayroon silang kaswalti sa naturang mga labanan. AB

Sa ika-45 na anibersaryo ng NDFP

## Mga pagdiriwang, nakatakda

SA DARATING NA Abril 24, magdiriwang ng ika-45 anibersaryo ng pagkatatag ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang buong rebolusyonaryong organisasyon sa Pilipinas at ibang bansa. Ang mga pagdiriwang ay isasagawa sa temang "Buuin ang Pinakamalawak na Nagkakaisang Prente para Palakasin ang mga Organo ng Kapangyarihang Pampulitika at ang Demokratikong Gubyernong Bayan" alinsunod sa pangkalahatang panawagan ng NDFP.

Kagyat ang kabuluhan ng temang ito sa harap ng buong yabang na pagdeklara ng papet-pasistang gubyerno ni Duterte na dudurugin ang rebolusyonaryong kilusan sa 2018. Mula nang itatag ang NDFP sa panahon ng diktadurang US-Marcos, marami na itong inaning tagumpay. Bahagi ito ng pagtatatag ng mga organo ng kapangyarihan sa pulitika sa 73 (sa kabuuang 81) mga prubinsya sa bansa. Nagsilbi itong kinatawan ng naturang mga organo sa pambansa at pandaigdigang antas. Kabilang sa naging tungkulin nito ang pagharap sa mga kinatawan ng reaksyunaryong gubyerno sa Pilipinas sa mga negosasyon.

Sa isang pahayag, ipinaliwanag ni Sison na sa kauna-unahang pagkakataon sa kasaysayan ng NDFP, nagtimpi ito sa loob ng isang taon (2016-2017) na bansagang papet ang isang reaksyunaryong rehimen. Dahilan nito ang pagbibigay ng pagkakataon sa kinatawan nitong si Rodrigo Duterte na patunayan ang

sarili bilang isang "Kaliwa" at "sosyalista"; kontra sa US at sa oligarkiya; at para sa mga reporma at sa independyenteng patakarang panlabas.

Sa simula, tila gusto ni Duterte na makipag-usapang pangkapayapaan sa NDFP at sa mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayang kinakatawan nito, ayon kay Sison. Nagpanggap si Duterte na umaayon sa kinakailangang mga reporma sa lipunan, ekonomya at pulitika na ipinanawagan ng mamamayan para magkaroon ng makatarungan at matagalang kapayapaan. Nangako siyang igalang ang mga nauna nang mga kaisahan at maglabas ng kautusan para bigyan ng amnestiya at palayain ang mga bilanggong pulitikal.

Ngunit hindi tinupad ni Duterte ang kanyang pangako. Sa ikalawang taon sa poder, naging lubhang mapang-away siya sa NDFP at kanyang tinapos ang usapang pangkapayapaan. Nitong nakaraang ilang linggo, muli siyang nagbukas para sa negosasyong pangkapayapaan. Wala pa itong kinahihinatnan, lalupa't nagpauna si Duterte at ang AFP ng mga prekundisyon na nagsisilbing balakid sa usapan. Pangunahin dito ang pagpasok ng rebolusyonaryong kilusan sa isang *bilateral* na tigil-putukan, kahit hindi pa naipatutupad ang mga dating kasunduan at wala pang bagong napipirmahan. Pinansin ni Sison na ang muling pagbubukas ni Duterte sa usapan ay nagaganap sa gitna ng lumalalang krisis ng lokal na naghaharing sistema at ng pandaigdigang sistemang kapitalista.

Ang pinakamahalaga para sa NDFP, ani Sison, ay ang pagiging tapat sa rebolusyonaryong paglilingkod sa mamamayang Pilipino at pagpatuloy sa mga reporma na maglalatag sa mga batayan para sa isang makatarungan at matagalang kapayapaan. AB

# Bilyong puhunan at pautang ng China, pantasya ni Duterte

Nitong Abril, muli na namang nagmayabang si Rodrigo Duterte sa pagsabing nakalikom siya ng $9.8 bilyon na ibubuhos daw ng China sa Pilipinas. Aabot daw sa 10,000 trabaho ang lilikhain ng pamumuhunang ito. Bitbit ang kanyang buong pamilya, muling nanlimos ng pautang si Duterte sa China para pondohan ang kanyang mapandambong at kontra-mamamayang mga proyektong pang-imprastruktura. Pero katulad noong nakaraang taon, pawang pantasya ang mga kahambugan ni Duterte.

Noong taong 2017, umabot lamang sa $1.6 bilyon ang pamumuhunan mula sa China na pumasok sa Pilipinas. Nasa 15% lamang ito na mas malaki sa $1.4 bilyon noong 2016. Ito ay sa kabila ng ingay na nilikha ni Duterte sa pagbisita niya sa China noong 2016 at ang kanyang walang kahihiyang pangangayupapa at pagbebenta ng mga soberanong teritoryo ng bansa sa South China Sea.

Bago pa nito, maliit na bahagi lamang ng kabuuang direktang dayuhang pamumuhunan sa Pilipinas at ayudang pinansyal ang nagmula sa China. Noong 2015, nasa $3.6 bilyon lamang ang ipinasok nito sa bansa, 1.5% ng kabuuang pumasok sa taong iyon. Nasa $120 milyon naman ang ayuda na ipinangako nito, na 0.9% lamang sa kabuuang ayuda sa taong iyon.

Nauulat na nakasentro ang kalakalang China-Philippines sa Manila-Shanghai/Shandong/Tianjin, mga bayan sa China na pinaglalagakan din ng puhunan ng mga burgesya-kumprador na Filipino-Chinese. Sa Mindanao, nakasentro ang kalakalang ito sa Davao, kung saan dominado ng iilang pamilyang Filipino-Chinese ang buong kalakalan sa pagitan ng dalawang bansa.

Sa nakaraan, karamihan sa pamumuhunang Chinese ang nasa pagmanupaktura, pagmimina at agribisnes. Sa ilalim ng noo'y rehimeng US-Arroyo, nagkaroon ng planong kontrolin ng mga kumpanyang Chinese ang puu-puong libong ektarya ng lupang agrikultural ng mga kumpanyang Chinese para sa pagtatanim ng mais, palay at *sorghum*, gayundin ng tubo at *cassava* para sa *biofuel*. Karamihan sa mga ito ay hindi natuloy sa ilalim ng rehimeng US-Aquino na direktang nakipagtunggali sa China kaugnay sa mga teritoryo sa South China Sea.

May mga proyekto naman na naudlot bunga ng pagkabunyag ng iskandalosong anomalya, tulad ng kontratang NBN-ZTE na kinurakot ni Gloria Arroyo. Sa kalakhan, maliitan at kalat-kalat ang mga pamumuhunang ito, kumpara sa pamumuhunan ng mayor na mga kaugnayan ng Pilipinas sa kalakalan (Japan, Korea at US.)

Sa kabilang banda, malaking bahagi ng kapital sa loob ng bansa (tinatayang nasa 50-60%) ay kontrolado ng mga burgesya-kumprador na may lahing Chinese at may malakas na ugnayan sa mga kapitalista sa China. Kabilang dito si Henry Sy at Lucio Tan, dalawa sa pinakamayayamang kapitalista sa Pilipinas, na parehong may malalaking negosyo sa China. Pareho rin



silang nagmamay-ari ng malalaking bangko sa Pilipinas at gayo'y malawak ang kontrol sa paglabas-masok ng pinansya sa lokal na ekonomya.

Sa kaso ni Sy, tinatayang 10-15% ng kabuuang kita sa kanyang negosyong mga SM Mall ay mula sa mga *mall* sa China. Mayor na tambakan ng mga produktong pangkonsumo ng Chinese ang kanyang mga *mall*. Gayundin, daluyan ang kanyang mga negosyo ng kapital na Chinese sa mga bahagi ng lokal na ekonomya na sarado sa mga dayuhan. Halimbawa, naging instrumento siya sa pagkopo ng isang kumpanyang Chinese sa National Grid Corporation of the Philippines, isang pampublikong utilidad na isinapribado ng rehimeng Ramos. Maraming negosyo si Sy, gayundin ang iba pang mga burgesya-kumprador na Filipino-Chinese, ang may mayor na kasosyong purong Chinese na kapitalista o kumpanya. Kamakailan, naging kasosyo ni Sy si Dennis Uy sa pagkopo ng negosyo sa serbisyong *carrier* (transportasyon ng mga produkto) sa dagat at himpapawid. Si Uy ay pinaniniwalaang *dummy* ng pamilyang Duterte.

Alinsunod mismo sa mga pahayag ni Duterte, marami sa mga proyekto sa ilalim ng programang "Build, Build, Build" ng rehimen ang nakaasa sa kapital na Chinese. Noong nakaraang taon, nasa 15 "prayoridad na proyekto" ang umano'y nagawan na ng mga kasunduan ng mga upisyal ng pinansya ng dalawang bansa. Kabilang dito ang malalaking proyekto na direktang hawak ni Sara Duterte at mga kroni ni Duterte sa Mindanao. Marami sa mga ito ay mapandambong at mapaminsala, at dati nang nilalabanan ng mamamayan. Bunga nito, at dulot na rin sa pag-aagawan ng mga lokal na burgesya-kumprador sa mga kontrata, nananatiling nasa papel lamang ang karamihan sa mga kasunduang ito.

# Proyekto sa Chico River, nilalabanan

KABILANG SA MGA inilako ni Rodrigo Duterte sa China ang Chico River, isang mayor na ilog na dumadaloy sa mga prubinsya ng Mt. Province at Kalinga. Kapalit ng P3.2 bilyong utang, buong ibinigay ni Duterte ang kontratang magtatayo ng Chico River Pump Irrigation Project (PIP) sa isang kumpanyang Chinese. Noon pang Marso iginawad ng National Irrigation Administration ang kontrata nito na nagkakahalaga ng P4.3 bilyon sa China CAMC Engineering Co. Ltd. Nakatakdang bayaran sa loob ng susunod na 20 taon ang naturang utang.




Mariing kinundena ng Cordillera People's Alliance (CPA) ang mapangwasak na proyekto at ang pangungutang na kaakibat nito. Anila, isa na naman itong hakbang ng rehimen para ibenta ang likas na yaman at lupaing ninuno ng mga pambansang minorya sa dayuhang mamumuhunan. Wala itong pahintulot ng mga apektadong komunidad.

Ayon sa CPA, magreresulta ito sa pribatisasyon ng irigasyon, isang batayang serbisyo, at magpupwersa sa mga magsasaka sa lugar na pumasok sa mapagsamantalang mga kaayusan at magbayad ng malaki para mapakinabangan ang sarili nilang rekurso. Pinabibilis nito ang pagpasok ng mga dayuhang kumpanya para makahuthot ng kita mula sa likas na yaman na pagmamay-ari ng mamamayan.

Hindi bago ang proyektong Chico River PIP. Dati itong kilala bilang Chico River Irrigation Project o Chico Dams Project na itinulak ng World Bank noong 1976 sa ilalim ng diktadurang US-Marcos. Ang proyektong ito ay naging sentro ng paglaban ng Kaigorotan mula 1976 hanggang 1985. Malaking bahagi ito ng kasaysayan ng pakikibaka ng mamamayan laban sa mapangwasak na mga proyekto na sumasakop at nagsasapribado ng mga lupang ninuno.

Ang muling pagbuhay ni Duterte sa naturang proyekto ay tiyak na ibayong magbubuklod sa mamamayan sa Kalinga at Mountain Province laban sa kanyang rehimen. Hindi sila pumapayag na gamitin ni Duterte ang kanilang lehitimong panawagan para sa libre at angkop na sistema ng irigasyon para yurakan ang kanilang karapatan sa sariling mga lupang ninuno para pagkakitaan ng mga dayuhang korporasyon ang isang serbisyong panlipunan. Kasabay nilang nilalabanan ang iba pang mapandambong na mga proyektong *hydropower* sa Chico River, tulad ng Karayan Dam.

Panawagan ng CPA, dapat paigtingin ang mga kampanya at paglaban ng mamamayang Kordilyera, kasabay ng mamamayan sa buong bansa, para sa karapatan sa lupang ninuno at sariling pagpapasya. Kasabay ito sa pagpapatindi ng paglaban sa walang puknat na mga pasistang atake ng rehimen sa mamamayan.

Nakatakdang ilunsad ngayong Abril 22-25 ang Cordillera Day sa Barangay Asin Road sa Baguio City. Tatalakayin dito ang iba't ibang isyu na kinakaharap ng mamamayang Kordilyera, kabilang ang tiraniya ng rehimeng Duterte at tuluy-tuloy na pang-aagaw ng mga dayuhang kumpanya sa mga lupang ninuno. Ang Cordillera Day ay taun-taong ginugunita ng mamamayan Kordilyera para gunitain ang pagpatay ng rehimeng Marcos kay Macliing Dulag, isang respetadong lider ng tribong Butbut na nanguna sa paglaban sa Chico River Dam Project, noong 1980.

# Ang kalagayan ng manggagawang Pilipino sa ilalim ni Duterte

Nakasusuklam ang panloloko ni Duterte sa mga manggagawa. Sa tangkang amuhin ang mga manggagawa, nagkunwari siyang pipirma sa isang kautusang diumano'y magwawakas sa kontraktwalisasyon o "endo" at gagawing istandard ang direktang pag-empleyo para sa buong bansa. Pero sa huling sandali ay umatras siya sa pagdadahilang ipauubaya na lamang diumano ito sa kongreso.

Unang inianunsyo ng Malacañang na pipirmahan ni Duterte ang kautusan na inihanda ng iba't ibang grupo ng mga manggagawa. Hindi ito itinuloy sa pagdadahilang kinakailangan daw muna na makipagkompromiso sa mga kapitalista at magbalangkas ng isang pinal at "mas katanggap-tanggap" na bersyon ng kautusang napagkasunduan na niya at ng mga manggagawa. Nangako siyang pipirmahan ang kautusan sa Mayo 1, pero umatras din pagkatapos ng ilang araw. Noong Abril 19, lubusan nang binasura ni Sec. Silvestre Bello III ng Department of Labor and Employment (DOLE) ang borador na kautusan.

**DO 174: huwad na kontra-kontraktwalisasyon**

Hindi bago kay Duterte ang pagpapakitang-tao at pagpapasikat. Noong halalan, pumostura siyang "sosyalista" at nangakong "wawakasan" ang kontraktwalisasyon. Sa pagtatangkang mapaniwala ang mga manggagawa na natupad ang pangakong ito, inilabas ng rehimen ang Department Order (DO) 174 noong Marso 2017, siyam na buwan matapos siyang maupo sa pwesto. Subalit katulad ng DO 18-A ng rehimeng Aquino na diumano'y pinaunlad nito, kinilala at ipinagtanggol rin ng naturang kautusan ang kontraktwalisasyon sa tabing ng regulasyon. Sa halip na tuluyang ipagbawal ng DO 174 ang kontraktwalisasyon, binigyang diin lamang nito ang kahalagahan ng "istriktong pagpapatupad" sa mga umiiral na istandard sa paggawa at batas sa *contracting* at *subcontracting*. Kinopya lamang nito ang lahat ng prohibisyon na nakasaad sa mga lumang DO gaya ng prohibisyon sa *labor-only contracting*, na dati nang ipinagbabawal ngunit laganap pa ring ipinatutupad sa buong bansa.

Tulad ng iba pang porma ng kontraktwalisasyon, tinatanggal ng *subcontracting* at *job outsourcing*, mga pleksibleng kaayusan sa empleyo, ang direktang ugnayan sa pagitan ng mga manggagawa at kanilang mga pangunahing taga-empleyo. Inaabswelto nito ang mga kapitalista mula sa kanilang ligal na obligasyon sa mga manggagawa at ipinapasa ito sa mga kontraktor o mga ahensya sa paggawa. Pangunahing layunin nito ang mapababa ang gastos ng mga kapitalista sa lakas-paggawa.

Sa ilalim ng kaayusang ito, naipagkakait ng mga kapitalista ang karapatan ng mga manggagawa sa regular na trabaho. Gayundin, naipagkakait sa kanila ang karapatan na mag-organisa ng unyon at magwelga upang kolektibong igiit ang kanilang karapatan sa minimum na sahod at benepisyo, sa walong oras na araw-paggawa, sa kalusugan at kaligtasan.


Patuloy ang laganap na kontraktwalisasyon sa ilalim ng rehimeng Duterte. Pawang pakitang-tao ang mga kautusan para sa regularisasyon ng mga manggagawa. Noong Pebrero, naglabas ang DOLE ng kautusan para iregularisa ng maneydsment ng Coca-cola FEMSA sa Sta. Rosa, Laguna ang may 675 nitong manggagawa. Ganito rin ang kautusan na inilabas para sa regularisasyon ng halos 8,000 na manggagawa ng PLDT noong Enero. Nitong Abril, muling naglabas ng kautusan ang DOLE sa Jollibee at Burger King para iregularisa ang 6,482 at 704 nilang mga manggagawa. Sa lahat ng ito, wala pa ni isang kumpanya ang nagpatupad ng regularisasyon. Walang pangil ang mga kautusan na ito dahil sadyang wala itong mekanismo na magtitiyak sa kanyang implementasyon. Imbis na pumanig sa mga manggagawa at parusahan ang Coca-cola at iba pang mga korporasyon na lumalabag sa mga kautusan ng DOLE, nagpadala pa ang rehimeng Duterte ng mga pulis para marahas na idispers ang mga lehitimong piket at welga, at arestuhin at sampahan ng gawa-gawang kaso ang mga manggagawa.

Matapos ang dalawang taon, malinaw na ang mga pangako ni Di(mago)gong Duterte ay panlilinlang at pawang buladas lamang para makuha ang boto. Niloko lamang niya ang milyun-milyong desperadong manggagawang kontraktwal na nagnanais na makaalpas mula sa pagsasamantala at panggigipit ng mga dayuhan at lokal na kapitalista.

Hindi tinugunan ng DO 174 ang lumalalang krisis sa trabaho. Sa katunayan, paglipas ng mahigit isang taon, nananatiling mataas ang tantos ng kontraktwal na paggawa sa lahat ng sektor ng ekonomya. Ayon mismo sa konserbatibong taya ng gubyerno, nasa 30 milyon pa ang mga manggagawang kontraktwal sa buong bansa sa kasalukuyan. Kabilang sa may pinakamaraming kontraktwal ay ang burukrasya ng gubyerno.

**Disempleyo, sahod at implasyon**

Kasabay ng tumitinding krisis sa trabaho ang tumitindi ring krisis sa empleyo. Ayon sa IBON Foundation, nabawasan ng 663,000 patungong 40.3 milyon ang bilang ng may trabaho noong nakaraang taon. Nadagdagan naman ng 66,000 (naging




4.1 milyon) ang bilang ng walang trabaho. Ito na ang pinakamalaking pagkitid ng empleyo sa loob ng 20 taon o mula noong 1997 kung saan 821,000 ang nawalan ng trabaho. Sa konserbatibong taya ng gubyerno, inilalagay sa 5.7% ang tantos ng disempleyo sa bansa noong 2017, na siyang pinakamataas sa ASEAN.

Lumilikha ng paborableng kondisyon ang malawak na disempleyo at paglobo ng sobrang bilang ng paggawa para higit pang baratin ang sahod at pagkaitan ng regularisasyon ang mga manggagawa. Dahil sa kawalan ng oportunidad, napupwersa ang mga manggagawa na pumasok sa mga mapagsamantalang kaayusang kontraktwal.

Nananatiling kapos ang sahod ng mga manggagawa. Ang P512 na minimum na sahod sa National Capital Region (NCR) ay wala pa sa kalahati ng P1,171 na kailangan para sa arawang pangangailangan ng pamilyang anim ang laki.

Sa nagdaang mga taon, napakababa at di-signipikante ang pagtaas sa sahod. Sinasabing lumago nang higit doble (120%) ang ekonomya ng Pilipinas mula 2001, pero sa panahon na ito, wala sa isang porsyento (0.54%) ang itinaas ng tunay na halaga ng arawang sahod ng mga manggagawa. Noong 2015-2016, bumagsak nang halos 3% ang tunay na halaga ng sahod ng mga manggaawa. Ibig sabihin, mas mabilis ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin at halaga ng serbisyo (o tantos ng implasyon) kumpara sa pagtaas ng sahod ng mga manggagawa. Sa kabilang panig, lumaki nang halos 14% ang netong yaman ng 40 pinakamayamang kapitalista sa Pilipinas.

Ngayong taon ay inaasahan na ibayo pang bubulusok ang tunay na halaga ng sahod dulot ng mabilis na pagtaas ng presyo ng mga bilihin at serbisyo bunga ng kontra-mamamayang TRAIN (dagdag na buwis) ng rehimen. Ayon sa ilang ekonomista, posibleng rumurok sa 5-6% ang tantos sa implasyon, halos doble ng konserbatibong taya ng rehimen.

Sa harap nito at pangkalahatang kawalan ng trabaho, patuloy na natutulak na mangibang-bansa ang milyun-milyong mga manggagawa para kumita. Ayon sa Philippine Overseas Employment Administration (POEA), may 1,281,506 manggagawang Pilipino na ang lumabas ng bansa mula Enero hanggang Setyembre 2017, katumbas ng 4,694 bawat araw.

**Atakeng neoliberal sa paggawa**

Para sa mga kapitalista, ang karapatan sa disenteng sahod, walong oras na arawang paggawa, kasiguruhan sa trabaho at karapatan sa pag-uunyon at pagwewelga ay mga balakid na kailangang tanggalin para maging pleksible at mas mabilis silang makahuthot ng tubo mula sa mga manggagawa. Ang mga karapatang naipagwagi sa mahaba at dakilang pakikitunggali ng uring manggagawa laban sa burgesya sa daigdig ang siya ngayong binabawi at sinisikil sa pamamagitan ng batas, susog sa batas, mga regulasyon at patakaran ng estado sa paggawa at empleyo sa balangkas ng neoliberal o imperyalistang globalisasyon.

Kaya naman nagpupuyos sa galit ang mga manggagawa sa panlilinlang ng rehimen sa pagwawakas sa endo at sa patuloy na pagpapakatuta nito sa malalaking lokal at dayuhang kapitalista. Sinayang nito ang dalawang taong pakikipag-ugnayan ng mga manggagawa na nagresulta sa isang nakapagkasunduang kautusan.

Sa darating na Mayo Uno, maglulunsad ng malalaking kilos-protesta sa buong kapuluan para tipunin dito ang kolektibong galit ng mga manggagawa at mamamayan laban sa demagogong rehimeng Duterte. Dapat tuluy-tuloy na igiit sa rehimen na wakasan ang lahat ng porma ng kontraktwalisasyon kasabay ang panawagan para sa pagsusulong ng pambansang industriyalisasyon bilang pinakamahalagang salik sa paglikha ng sapat at disenteng trabaho.

Higit dito, dapat patuloy na mag-ambag ang mga manggagawa ng lakas at sigla sa armadong pakikibaka sa pamamagitan ng pagsapi sa Bagong Hukbong Bayan para ibagsak ang pasistang rehimeng US-Duterte at sa kalaunan, ang buong reaksyunaryong sistema. AB

# Protesta ng mga manggagawa laban sa kontraktwalisasyon

MARIING KINUNDENA ng iba't ibang grupong manggagawa ang pagtanggi ni Rodrigo Duterte na pirmahan ang kautusang ehekutibo na magwawakas sa "endo." Ayon sa Kilusang Mayo Uno, sinayang ni Duterte ang dalawang-taong pakikipag-usap sa kanya ng mga manggagawa. Anito, hindi mapapatawad ng mga manggagawang Pilipino ang panloloko ni Duterte gamit ang kanilang mga lehitimong interes. Nangako silang tuluy-tuloy na igigiit ang kanilang karapatan para sa regular at disenteng trabaho, laluna sa darating na Mayo Uno.

Kasabay nito, tuluy-tuloy nilang ipagtatanggol ang mga tagumpay na nakamit ng mga manggagawa dulot ng kanilang mga sama-samang pagkilos. Noong Abril 11 sa Sta. Rosa, Laguna, nagprotesta ang mga manggagawa ng Coca-cola FEMSA na iligal na tinanggal noong 2017. Ito'y matapos ang huling negosasyon para sa regularisasyon na wala muling napagkasunduan. Nasa 152 lamang sa 178 na tinanggal ang planong ibalik ng maneydsment at may balak pa itong magtanggal ng dagdag pang mga manggagawa ngayong Abril.

Bago nito, nagprotesta noong Abril 9 ang mga manggagawa ng Coca-Cola FEMSA sa ilalim ng Kilusang Mayo Uno (KMU)-SMR sa Davao City. Itinaon ng mga manggagawa ang pagkilos sa Araw ng Kagitingan, at tinaguriang "Death March" ang kontraktwalisasyon. Ipinanawagan nila ang pagbabalik sa 65 manggagawang iligal na tinanggal noong Marso 31, at regularisasyon para sa higit 300 kontraktwal.

Naglunsad naman ng linggu-hang "Black Friday Protest" ang mga manggagawa sa ilalim ng KMU-Metro Manila at Alma Kontraktwal bilang paghahanda sa malaking pambansang pagkilos sa paggunita sa pandaigdigang araw ng paggawa sa Mayo 1. Noong Abril 6, nagmartsa sila patungong Mendiola dahil sa bigong pagwawakas ni Duterte sa kontraktwalisasyon. Dala ng mga manggagawa ang "Endo" o *end of contract notice* para kay Duterte bilang simbolikong pagpapakita ng galit ng mga manggagawang Pilipino sa patuloy na paglapastangan ng rehimen sa kanilang mga karapatan.

**Black Parade ng mga estudyante**

Naglunsad ng Black Parade noong Abril 13 ang mga estudyante ng UP Diliman sa pangunguna ng STAND-UP para labanan ang tiraniya at diktadura ni Duterte. Umabot sa 500 ang mga nagmartsa upang tuluy-tuloy na ipanawagan ang pagtigil ng batas militar sa Mindanao at sumisidhing panunupil ng tiranikong rehimeng Duterte.

**Protesta ng mga magsasaka**

Nagpiket ang Danggayan dagiti Mannalon ti Isabela laban sa planong *field testing* ng golden rice ng Syngenta sa mga bata at buntis sa Barangay Malasin, San Mateo. Tinuligsa din ng grupo ang napipintong komersyalisasyon ng nasabing bigas sa Isabela. Ang Golden Rice ay isang *genetically modified rice variety* na inilalako ng dayuhang kumpanyang *agro-industry* na Syngenta para sa komersyal na pagtatanim sa iba't ibang panig ng Asya.

Pinangunahan naman ng Kilusang Magbubukid ng Bikol (KMB) ang isang porum noong Marso 21 sa Naga City, Camarines Sur upang ilantad ang masasamang epekto ng Golden Rice sa mamamayan.

Matapos ang porum, muling inilunsad ng KMB ang kampanya laban sa *field testing* ng naturang tipo ng palay. Kinuwestyon ni Ka Bert Autor ng KMB ang panibagong mga *field testing* ng Golden Rice sa ibang bahagi ng bansa gayong nangako na ang gubyerno noong 2013 na ipatitigil ito. AB

## Mga tropang US, nasa bansa para sa Balikatan

LUMAPAG ANG ILANLIBONG Amerikanong sundalo sa Manila Bay nitong Abril 19 para sa taunang Balikatan *exercises* na magsisimula sa Mayo 7. Target ng pagsasanay ang mga barangay sa Tarlac, Nueva Ecija, Cagayan at Isabela para sa mga operasyong *civil-military*. Kabilang sa mga aktibidad ang "paghahanda" sa mga lokal na gubyerno para diumano sa mga sakuna at "ekstremistang" pananalakay. Lalahok sa pagsasanay ang mga militar ng Australia at Japan. Gamit ang Balikatan, maramihang sinasanay ng US ang mga tropa ng AFP at idirihe ang mga operasyon nito.

Bago nito, binuksan ng US noong Abril 18 sa Cesar Basa Air Base sa Pampanga ang unang pasilidad militar sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA). Ang naturang pasilidad, na kunwa'y bodega para sa gamit pang-ayuda tuwing may sakuna, ay gagamitin ng US para imbakan ng gamit-militar at armas. Walang awtoridad ang mga upisyal ng Pilipinas na pasukin o mag-inspeksyon sa mga pasilidad na ito. Sa ilalim ng EDCA, maaari pang mag-imbak ng mga armas nukleyar o mga kaugnay na materyal ang US sa mga pasilidad nito nang hindi alam ng Pilipinas.

Ang tulak para sa mga bagong base militar ay bahagi na ng operasyunalisasyon ng Operation Pacific Eagle, ang humalili sa Joint Special Operations Task Force-Philippines na permanenteng nagbase ng mga tropang US sa bansa sa loob ng 15 taon. Naging daan para muli silang makapamalagi sa Pilipinas ang kampanya ng pambobomba ng rehimeng Duterte sa Marawi noong 2017. Dito, naging matingkad ang papel ng mga tropang Amerikano sa mga kampanyang panunupil ng rehimen laban sa iba't ibang armadong grupo, kabilang ang rebolusyonaryong kilusan. AB

# Lumalalang pandarahas militar sa mamamayang Moro

Noong Abril 15, nireyd ng pinagsamang pwersa ng PNP at AFP ang pinaghihinalaang base ng Bangsamoro Islamic Freedom Fighters (BIFF) sa Tual, Paglat, Maguindanao. Kasabay nito ang militarisasyon sa mga komunidad ng Maguindanao. Pinalalabas ng AFP na may 13 pwersa ng BIFF ang napaslang sa mga labanan habang siyam naman ang sumuko mula Abril 9.

Kamakailan din ay binaril at napatay ng mga tropa ng 2nd Mechanized Infantry Battalion ang isang negosyanteng Moro na si Nasrudin Kadatuan matapos paghinalaang kasapi ng BIFF. Pinasinungalingan ito ni Abu Misri Mama, tagapagsalita ng BIFF. Aniya, kilalang negosyante si Kadatuan, kahit ng militar.

Hindi na bago ang ganitong estilo ng militar. Matagal nang gawi ng AFP ang pag-atake sa mga komunidad at pagtataguri sa mga residente na mga myembro ng armadong grupo upang bigyang katwiran ang kanilang pandarahas at sapilitang "pagpapasuko" sa mga sibilyan. Isinasagawa ang mga kalupitang ito sa ilalim ng banderang "gera laban sa terorismo."

Hindi pa nakuntento sa pagkubkob sa Marawi City, target naman ngayon ng rehimen ang BIFF na isa sa mga armadong grupong Moro na nagsusulong ng hangaring magtatag ng hiwalay na estadong Moro. Dating kabilang sa Moro Islamic Liberation Front (MILF) ang mga lider at tauhan ng BIFF na nadismaya sa kasunduang pinasok ng MILF sa rehimeng Arroyo noong 2008.

Hinahalihaw ngayon ng AFP ang mga komunidad ng Maguindanao sa layuning ganap na gapiin ang armadong grupo. Bahagi ito ng Operation Darkhorse na inilunsad ng AFP noong Enero 2014 laban sa BIFF. Isinagawa ang operasyon sa mga komunidad ng Shariff Saydona Mustapha, Datu Piang at Sultan sa Barongis sa Maguindanao at ilang bahagi ng Pikit, North Cotabato. Nagresulta ang operasyong ito sa pagpapalayas sa may 35,000 katao.

Mula 2010, may 60,000 katao na ang sapilitang lumikas dulot ng opensiba ng AFP laban sa BIFF. Kabilang sa mga opensibang ito ang inilunsad ng AFP noong 2015 matapos ang pumalyang operasyon ng Special Action Force sa Tukanalipao, Mamasapano, Maguindanao. Isa pa sa pinakamatinding atake nito ay ang paghulog ng bomba ng mga elemento ng 6th ID sa Barangay Andabit, Datu Saudi Ampatuan bilang ganti matapos atakehin ng grupo ang kanilang detatsment noong Marso 2017.

Ani Mama, mamamayan ang higit na apektado sa inilulunsad na todo-gera ng estado. Mariin niyang kinundena ang pahayag na terorista ang BIFF at binigyang diin na makatwiran ang kanilang ipinaglalaban.

Ayon sa ilang grupong Moro, hindi bababa sa 150,000 katao na ang nagbuwis ng buhay at bilyunbilyong kabuhayan at ari-arian na ang nasira sa nagdaang ilang dekada ng armadong tunggalian. Dulot din nito ang malawak na kagutuman at kahirapan sa buong rehiyon.

**Pinaglalawayang yaman ng Bangsamoro**

Walang puknat ang gera ng rehimeng Duterte para supilin ang armadong paglaban ng mamamayang Moro. Sa suhay ng imperyalistang US, tuluy-tuloy ang mga armadong pananalakay ng AFP sa mga komunidad ng ARMM sa layuning gapiin ang mga grupong Moro na tumututol sa mga makadayuhang proyekto.

Kabilang sa mga target ng mga dayuhang mamumuhunan ang mga lugar na saklaw ng Liguasan Marsh na may 220,000 ektarya na umaabot hanggang sa mga bayan ng North Cotabato at Maguindanao. Ang mga eryang ito ay aktibong kinikilusan ng BIFF. Nabunyag noong 2011 ang ulat ng embahada ng US na nagsasabing 70% ng yamang mineral ng bansa, kabilang ang *natural gas* at langis ay matatagpuan sa Mindanao.

Inilabas din ng Department of Energy na ang Cotabato Basin, kung saan kabilang ang Liguasan Marsh, ay may 202 milyong bariles ng langis at may hindi bababa sa 821 bilyong *cubic feet* ng gas, habang may 209 milyong bariles ng langis at 716 bilyong *cubic feet* ng gas sa Sulu Sea.

Bukod sa langis, noon pang 2013 nagpahayag ang grupo ng mga negosyanteng Malaysian ng interes na maglaan ng $575 milyon upang gawing plantasyon ng *oil palm* ang may 66,000 ektarya ng Liguasan. Target ding gawing plantasyon ng saging ang ilang bahagi ng Maguindanao. Iniaalok din ang ilang mga lupaing ninuno ng Moro sa mga dayuhang mamumuhunan.

Sa ilalim ng BBL, bahagi ng pinagtutunggalian hanggang sa kasalukuyan ang hatian ng yaman sa buong Bangsamoro. Kabilang dito ang 75% na kikitain mula sa mga taripa at dagdag bayarin na ipapatupad ng rehimen sa mga prubinsyang saklaw ng Bangsamoro.

Subalit tulad ng mga nagdaang rehimen, ultimong hangad ni Duterte na kopohin ang yaman ng Mindanao. Sa halos dalawang taon nito, bigo ang kanyang administrasyon na ipasa ang BBL. Tusong iwinawasiwas ni Duterte ang usapang pangkapayapaan para patahimikin ang seksyon ng MILF habang buong lupit na naghahasik ng takot sa mamamayang Moro. AB

# Mga atake ng pasistang rehimen mula Luzon hanggang Mindanao

Malupit ang pananalasa ng mga armadong pwersa ng rehimeng US-Duterte sa iba't ibang dako ng kapuluan. Nitong nagdaang mga linggo, naiulat ang matinding pagpapahirap na sinapit ng isang pamilyang Lumad mula sa kamay ng militar, ang iligal na pag-aresto sa mga sibilyan sa Cagayan Valley, at ang militarisasyon sa mga bayan sa Camarines Sur.

**Pagbabanta at panggigipit.** Isang pamilyang Lumad ang pinahirapan at pinagbantaang papatayin ng militar kung hindi nila aamining sila ay mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan.

Noong Marso 22, 2018 ang pamilya nina Rosalia Cahangan, 41 taong gulang, "Lisa", 16, at mag-asawang Jason at Giselle Cahangan, 22 at 19, ay binantaan, hinaras at pinahirapan ng mga tropa ng 8th IB sa loob ng kanilang tahanan sa Purok 5, Barangay Dalwangan, Malaybalay, Bukidnon. Pwersahang pinasok ng mga militar ang kanilang bahay bandang alas-4 ng umaga, pinosasan at piniringan sina "Lisa", Jason at Giselle at walang awang kinaladkad palabas ng bahay. Binantaan silang papatayin kapag tumutol sa kanilang pagkaaresto. Walang ipinakitang mandamyento de aresto ang mga sundalo.

Pinagsuspetsahan ng mga militar ang mga Cahangan na mga kasapi ng BHB gayong silang lahat ay mga kasapi ng Pigyayungaan, isang lokal na organisasyon ng mga Lumad na aktibo sa pagtatanggol ng kanilang lupa at lupaing ninuno.

Sinalaysay ni "Lisa" na sila ay dinala sa kampo ng Special Civilian Active Auxiliary (SCAA), isang yunit ng paramilitar na nasa ilalim ng 8th IB. Piniringan silang lahat sa loob ng 12 oras. Binabantayan ng mga lalaking sundalo sina "Lisa" at Giselle, at sinusundan sila kahit pumunta sila ng banyo. Sinuntok sa mukha si "Lisa" nang tanggalin niya ang kanyang piring. Tinutukan siya ng baril habang ang ibang mga sundalo ay nagbabantang "pakakainin siya ng baril" kung hindi aaming kasapi ng BHB.

Noong Abril 4 at 5, bumalik ang mga sundalo sa tahanan ng Cahangan at dinala si Rosalia sa kampo. Isinailalim siya sa interogasyon at pwersahang pinalagda sa isang dokumento, sa pangalan ni "Lisa", na siya ay "sumurender". Ang nasabing dokumento ay notaryado na ng isang "Atty. Pabillon."

Samantala, ang mag-asawang Jason at Giselle ay nakadetine pa rin sa kampo ng SCAA.

Ang pamilya Cahangan ay kabilang sa mga pamilyang nagbakwit mula sa kanilang mga komunidad sa Malaybalay bunsod ng militarisasyon at mga pang-aabuso kapwa ng militar at paramilitar.

**Iligal na pag-aresto.** Hindi lamang sa Mindanao nananalasa ang mga armadong tauhan ng rehimeng Duterte, maging sa Cagayan Valley ay nagpapatuloy ito sa pang-aabuso, pagbabanta at paglalagay sa panganib sa mga organisasyon ng mamamayan at mga komunidad.

Noong Pebrero 18, 2018 limang magsasaka na binabansagang "Ilagan 5" mula sa Barangay Old San Mariano, Isabela ang iligal na inaresto ng mga elemento ng 86th IB sa Ilagan, Isabela. Ang mga biktima na kinilalang sina Mauricio Sagun, 65; Maximiano Domingo, 44; Bernard Peñaflor, 21; Ariel Peñaflor, 49; at Mario Turqueza, 65 ay isinailalim sa matinding interogasyon at sinampahan ng mga kasong "illegal possession of firearms and explosives." Nagtanim ang mga sundalo ng isang .38 kalibreng pistola at tatlong granada sa mga kagamitan ng mga biktima.

Nakadetine ngayon si Sagun sa BJMP Ilagan samantalang ang apat ay nasa Isabela Provincial Jail. Inaakusahan ang mga magsasaka na mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan.

Ang pagkakulong ng limang magsasaka ay nagdagdag sa talaan ng Karapatan ng mga bilanggong pulitikal sa 501 kung saan 170 ang sa panahon ng rehimeng Duterte.

**Militarisasyon.** Mula Marso hanggang Abril walang tigil ang mga operasyong militar sa mga kanugnog na baryo ng mga bayan ng Goa, Lagonoy, Tinambac, Siruma, Garchitorena, Presentacion at Caramoan na nagdudulot ng takot at pangamba sa mamamayan ng Partido District sa Camarines Sur. Walang pinipiling oras na pumapasok sa mga baryo ang mga tropa ng 83rd IB, 22nd Echo coy, 93rd DRC at Philippine National Police (PNP).

Nagpapalaganap ng saywar ang mga tropa ng AFP at PNP habang nagsasagawa sila ng operasyong kombat. Anila, kanilang papatayin ang lahat ng mga sumusuporta at susuporta sa rebolusyonaryong kilusan tulad ng hayagang ginawa nila sa Barangay Gubat, Lagonoy noong Abril 9.

Noong Marso 21, habang nag-ooperasyon ang militar at pulisya, isang insidente ng pamamaril sa mga empleyado ng lokal na gubyerno ang nangyari sa Sityo Tigman, Barangay Bagacay, Tinambac.

Nasugatan sina Elino Teope, Jr., Edgardo San Andres at Nicolas San Agustin, lahat taga-Bagacay. Ang tatlo ay mga empleyado ng pamahalaan ng Tinambac na bahagi ng Task Force Gantad, na nagbabantay laban sa iligal na mga aktibidad na may kaugnayan sa pagkasira ng kalikasan. AB

## 54 EJK sa Mindanao—*IFFM*

PINATUNAYAN NG International Fact-Finding and Solidarity Mission (IFFSM), na isinagawa noong Abril 6-9 sa iba't ibang bahagi ng Mindanao na malawakan ang mga kaso ng pamamaslang at iba pang pang-aabuso ng mga armadong pwersa ng estado laban sa mga magsasaka at mga katutubong mamamayan sa ilalim ng batas militar.

Ito ang buod ng ulat ng apat na araw na imbestigasyon ng iba't ibang organisasyon ng mamamayan na pinangunahan ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) sa Mindanao.

Ilan sa 54 paglabag na iniulat ng mga mamamayan sa komunidad ay ang mga ekstrahudisyal na pamamaslang (*extrajudicial killing* o EJK) at bigong EJK, tortyur, iligal na pag-aresto at detensyon, pagsampa ng mga gawa-gawang kaso, pagbabanta, harasment, intimidasyon, pwersahang "pagpapasurender," at iligal na paghalughog at pagkumpiska.

Iniulat ng IFFM na target ng mga kampanyang kontra-insurhensya ng AFP ay mga magsasaka at Lumad. Inaakusahan silang mga kasapi ng BHB o mga tagasuporta nito at sinasampahan ng mga gawa-gawang kaso sa simpleng dahilan na aktibo sila sa mga pakikibaka sa lupa at pagiging kasapi nila sa mga organisasyon ng mga magsasaka.

Nalista rin ng *fact-finding mission* ang pagbabansag sa mga organisasyon ng mamamayan kabilang ang pekeng listahan ng mga terorista, mga pagbabanta sa mga demokratikong karapatan at ang pagsupil sa mga batayang karapatang sibil at pulitikal.

Ang paggamit ng mga tropa ng militar at pagpakat ng mga militar sa mga komunidad ay malinaw na ginagamit para sa interes ng mga korporadong plantasyon at iba pang anyo ng paninira sa kalikasan. AB

# Agresyong militar ng US sa Syria, binatikos

Mahigit 100 misayl ang pinakawalan ng US at mga kaalyado nitong UK at France laban sa Syria noong Abril 14. Ginawang dahilan ng naturang pag-atake ang paratang ng US na gumamit umano ang gubyerno ng Syria ng mga sandatang kemikal noong Abril 7 laban sa mga sibilyan sa bayan ng Douma, malapit sa kabisera nitong Damascus.

Ayon sa International League of Peoples' Struggle, pinatunayan ng US ang sarili bilang pinakamasahol na mananalakay, kasama ang mga alyado nito. Sa ilalim ng internasyunal na batas, may katwiran ang paggamit ng aksyong militar ng isang bansa kung ito ay sa pagdepensa-sa-sarili matapos ang armadong atake ng isa pang estado, o kung ito ay may pahintulot mula sa United Nations Security Council.

Kinundena ng ILPS ang naturang atake bilang pinakasukdulang internasyunal na krimen at pinakamasahol na terorismo laban sa isang estado at mamamayan nito. Ayon sa organisasyon, malinaw na ang paratang na paggamit ng sandatang kemikal ay pakana ng US sa pamamagitan ng maka-US na grupong White Helmets. Pinondohan ng US at ng mga kaalyado nito ang naturang grupo upang makipagtulungan sa Nusra Front at iba pang teroristang grupo sa Syria na lumalaban sa gubyerno ni Bashar al-Assad.

Sa nakaraan, wala pang napatutunayan ang US na gumagamit

*...sundan sa pahina 12*

## Pag-aresto sa Australyanang madre, kinundena

UMANI NG pagkundena mula sa mamamayan ang iligal na pag-aresto ng rehimeng Duterte kay Sr. Patricia Fox, 71, isang Australyang madre na matagal nang naglilingkod sa mga komunidad sa Pilipinas bilang isang misyunera.

Tahasang inamin ni Duterte nitong Abril 18 na ipinaaresto at ipinabimbin niya sa Bureau of Immigration (BI) si Sr. Pat dahil sinisiraan umano siya ng misyonera. Bago ang pag-aming ito, naghugas-kamay ang Malacañang sa nangyaring insidente sa harap ng mga pagbabatikos ng mga tagapagtaguyod ng karapatang-tao at ng relihiyosong sektor. Bilang depensa, nagpaumanhin si Presidential Spokesperson Harry Roque sa pagsabing isang pagkakamali ang pag-aresto at pagdetine kay Fox.

Anim na ahente ng BI ang pumunta sa bahay ng madre sa Project 3, Quezon City bandang alas 2:30 ng hapon noong Abril 16 at "inimbitahan" siyang pumunta sa upisina ng BI sa Intramuros, Manila para ayusin umano ang kanyang papeles sa imigrasyon. Nang dumating sa upisina ng BI, binasahan si Sr. Pat ng Miranda Doctrine o ng kanyang mga pampulitikang karapatan, at doon ay inaresto siya at idinetine.

Pinalaya si Sr. Pat noong Abril 17 matapos mapatunayang balido ang kanyang *missionary visa* at wala siyang nilabag na batas sa imigrasyon.

Ayon pa sa Partido Komunista ng Pilipinas, sa isang pahayag nito, ang mga katulad ni Sr. Pat na nagtatanggol sa mga karapatan at kapakanan ng mga magsasaka at iba pang inaapi ay kaibigan ng mamamayan at bukas nilang tinatanggap sa kanilang mga buhay at komunidad. Kabaliktaran nito ang pagturing nila sa brutal at pasistang rehimen ni Duterte na naghahasik ng terorismo at takot sa kanilang mga komunidad. AB

"Agresyon...," mula sa pahina 11

ang Syria ng mga armas na kemikal. Hindi kapani-paniwala ang paratang nito na gagamit ang gubyernong Syria ng armas na kemikal sa Eastern Ghouta gayong nabawi na ng mga pwersa nito ang lugar mula sa mga rebelde at teroristang grupong inarmasan at pinondohan ng US. Noong 2013 pa dinispatsa ng Syria ang arsenal nito ng mga sandatang kemikal sa kasunduang inareglo ng Russia at US. Sa kabilang banda, ilang atakeng kemikal na ang napatunayang isinagawa ng mga rebeldeng grupong jihadist upang bigyan-katwiran ang armadong agresyon ng US.

Sa katunayan, nasa bansa na ang Organization for the Prohibition of Chemical Weapons upang magimbestiga hinggil sa umano'y atake noong Abril 7. Nanindigan ang Syria at Russia na ang mga *airstrike* ng US, UK at France ay para isabotahe ang imbestigasyon.

**Mga sibilyan, biktima ng pambobomba**

Pinaigting ng naturang mga *airstrike* ang nagpapatuloy na digmaan sa Syria na nagsimula noon pang 2011. Sinulsulan ng US ang gerang ito, pangunahin sa pagpapadala ng mga tagapayo, pagbuhos ng pondo at pag-aarmas ng mga grupong kalaban ng halal na gubyerno ni Bashar al-Assad. Dahil sa tindi ng agresyon ng US, nagpasaklolo ang Syria sa rehimen ni Vladimir Putin ng Russia para depensahan ang bansa. Humugis ang armadong tunggalian sa Syria tungo sa isang *proxy war* o di-tuwirang gera sa pagitan ng US at Russia, na pinasimulan ng US at mga kaalyado nito. Nanghimasok ang US sa Syria pangunahin para patalsikin si al-Assad at palitan siya ng pinunong susunod sa mga dikta nito at tatalikod sa Russia.

Kalahok sa gera ang may 2,000 sundalong Amerikano, at mga eroplano at barkong pandigma. Para bigyan-katwiran ang walang-puknat na pang-aatakeng militar nito sa bansa, isinangkalan ng US ang paglaban sa ISIS. Tinatayang aabot ng $1.3 trilyon ang magagastos ng US sa gera sa Syria pagsapit ng 2020. Maliban sa US, France at UK, suportado rin ng Saudi Arabia, Qatar, Turkey, at Israel ang mga grupong lumalaban sa gubyernong Assad.




Sa kabilang banda, pangunahing suportang militar naman ang ibinibigay ng Russia sa gubyerno ng Syria, na alyado nito mula pa noong Cold War. Ang depensa ng Syria laban sa pag-atake noong Abril 14 ay pawang nagmumula sa Russia, na sinasabing humarang sa malaking bahagi ng umatakeng mga misayl. Suportado rin ang rehimeng Assad ng mga sundalo at kagamitang militar mula sa Iran at Lebanon.

Sa nagdaang mga taon, naging lunsaran ang Syria kapwa ng US at Russia sa paggamit at pagsubok ng kanilang pinaka-abanteng mga sandata sa gera, tulad ng pinakabagong *fighter jet* ng Russia, gayundin ang pinakabagong misayl naman ng US na siyang ginamit sa naturang *airstrike*.

Pinakaapektado sa mga paghuhulog ng bomba mula sa himpapawid ang mga sibilyan.

Tinatayang mahigit 110,000 sibilyan na ang namamatay mula nang mag-umpisa ang gera sa Syria. Aabot din sa 12 milyon ng populasyon ang itinaboy ng gera mula sa kanilang mga tahanang dinurog ng mga bomba pangunahin ng US. Noong 2017, naitala ang mahigit 8,000 sibilyang namatay sa iba't ibang tipo ng pambobomba. Kumpara noong 2016, lumaki ang bilang na ito nang 55%.

Nangunguna ang Syria sa mga bansang may pinakamaraming kaso ng pagkamatay ng mga sibilyan resulta ng mga pambobomba. Sa naitalang 1,750 insidente noong 2017, abereyds na pitong sibilyan ang kaswalti bawat insidente. Sa kabuuang mahigit 15,300 kaswalti, umaabot sa mahigit 13,000 o 85% nito ay mga sibilyan.

Ayon naman sa isang grupo ng mga mamamahayag na sumusubaybay sa gera ng US sa Syria at Iraq, ang 2017 ang pinakamadugong taon para sa mga sibilyan sa naturang mga bansa. Aabot sa 18,000 ang namatay sa mga operasyong pinamunuan ng US. Sa bilang na ito, tinatayang 6,102 sa mga namatay ay resulta ng mga *airstrike*. Lumaki rin ng 200% ang bilang ng mga *airstrike* at panganganyon. Mula 2014 hanggang 2017, 65% ng pagkamatay ng mga sibilyan ay naganap sa huling taon.

Sa naganap na *airstrike* noong Abril 14, nagbanta si Vladimir Putin ng Russia ng matinding kahihinatnan para sa mga umatake. Matigas ang Russia na panatilihin ang kanyang pusisyon sa Syria tungong Mediterranean Sea, at makinabang sa pinakamalaking reserba ng *natural gas* sa mundo na dadaan sa bansa mula sa Iran. Sa panig ng US, nanindigan ang Department of Defense ng bansa na dapat umanong manatili sa Syria, at kailangang dagdagan pa, ang kanilang mga sundalo kahit natalo na umano ang ISIS sa lugar. Sa tulak ng mga imperyalistang interes sa rehiyon, pinaiigting ng US ang panghihimasok nito sa Syria, sa kapahamakan ng mga sibilyan. AB